Copyright 2017
All rights reserved. No part of this publication may be reproduced or transmitted in any form or by any means, electronic or mechanical, including photocopy, recording or any information storage and retrieval system, without prior permission in writing from the publisher.

ISBN 978-621-95674-5-9

Published by Our Lady of Fatima University
120 McArthur Highway, Marulas,
Valenzuela City, Philippines
293-6538 loc. 808
http://www.fatima.edu.ph/

Printed by: Vj7 Printing and Packaging, Inc.

About the Cover and Illustration

The illustrator is primarily inspired with the tone and dynamics of the submitted transcripts of spoken and written poems by the Our Lady of Fatima University community which will emphatically be felt by the readers as they flip through the pages of Emovere. All in all, double exposure technique was used in order to express the corresponding strings of emotions of each poem. Also, the whole design inspiration used a palette of neutral colors and a touch of vivid red as a chief highlight of thoughts, emotions, and ideas.

The cover design was conceptualized with the idea of crossing paths with black cats as bad omen. For the illustrator, black cats signify the bad experiences that the authors expressed in their poems; consequently, this clings with the idea that every bad experience is only just a phase. The black cat figure is then fused with a person walking through the rain, under the bright moon. With this, the illustrator believes that its is important to hold on to something, just like an umbrella, whenever someone would intend to move on amid the intense pouring of emotions, which signify the rain, while under the slight glimpse of light, as provided by the moon.

Despite of the common undesirable notion that Filipino people have on black cats, it is also ironically believed in Southern England that black cats absorb the negativity inside the households in places. Which then makes the symbolism for black cats either as a bad or a good luck.

Bad or good, to move on or not, Emovere will definitely be an echo of the emotions of every gloomy soul.

Illustrator and Designer Christopher Patricio
Editor Jueliand Peter Perez

emo·vere

/ēmōvēre/

noun

to move emotionally.

I would like to express my sincere congratulations to the College of Arts and Sciences for making an anthology of all the spoken word poetry delivered by our students and poems made by the Our Lady of Fatima University community. I am equally pleased and grateful to read and see the creative works, especially of our students for this only affirms that Fatimanians untiringly live up to our university's core values; to be an achiever in every thing that they do.

Accordingly, I also commend the effort and time of the faculty members who guide and support our students' interests, making their academic stay in Our Lady of Fatima University better and memorable.

Emovére will be a pilot poem anthology in our university and I hope that this publication continues in the succeeding years. Again, congratulations to our students, faculty, and staff behind this moving work of art.

Dr. Caroline Marian Enriquez

President, Our Lady of Fatima University

Robert Frost, a great poet, once said that "Poetry is when an emotion has found its thought and the thought has found words." It is indeed inspiring and heartening to know that with such little experience, our students have already found their words to convey their thoughts and emotions, and with the whole OLFU community as well.

Emovére is a testament of how creative and passionate Fatimanians could become in amid of negative emotions. This compilation is more than just letters and words; every single poem contribute to the very meaning of the Latin word, emovére, which literally means to remove or displace.

I would like to commend our students, faculty, and staff behind this anthology. Hopefully, with this creative work, every reader would have a certain poem to relate to. And may the poems made by our dear students and stakeholders be able to help their fellow readers to move on from all the negative experiences that they have long been carrying.

Dean Ramonita Salazar

Administrative Dean, Our Lady of Fatima University
Quezon City Campus

The Our Lady of Fatima University is well aware of the fact that every individual has a distinct, or combination, of multiple intelligences. This fuels the university to empower its students, faculty, and staff to stay true to its institutional vision of improving man as man.

The linguistic intelligence of Fatimanians is highlighted in this timely masterpiece. In the light of trending "hugot" lines and social media memes about moving on, our stakeholders had their own share of experiences to impart to the public through spoken and written poetry. And it is indeed brilliant to compile these masterpieces and publish them through Emovére.

I would like to congratulate all the people behind this amazing creative work. Truly, projects like these are testaments of our continuous growth as an institution. As Howard Gardner, the man behind the theory of multiple intelligences, once said, "The goal of education is to help people use their minds better."

Let us strive to uphold our vision of improving every individual for our development and growth of our dear university to continuously rise to the top!

Dr. Michael Joseph Diño

Research Director, Our Lady of Fatima University

embark.

01

Aking Ina
Mariel Castulo

03

Ang Sinimulan Noon, ay Tinatapos ko na
Jessevil Bacal

06

Pusong Nagsusumigaw
Alyza Ann Yadao

13

Estranghero
John Ramirez

15

Hindi Sigurado
Ayneilleene Zarah Ciocon

24

Ngiti
John Esportuno

09

Baka Mamaya
Patricia Mae Arcellana

10

Basang Papel
Jhanina Mhyrie Sanchez

11

Breath
Cornelia Dalao

17

Ititigil ko na
Jona Mae Regudo

18

May Tayo pa ba?
Pauline Andrea Libunao

22

Museo ng mga Taong Hindi Pinipili
MJ Gallamoza

25

Simpleng Taga-hanga mo
JohnBert Napili

27

Tuldok
Mary Joy Manucan

28

Umulit Tayo ng Paulit-ulit
Princes Caparosso

31

Kailan pa kaya?
Zorobabel Laureles

32

Pagdungaw
Eunice Mallari

33

Ang Paghahanap
Zorobabel Laureles

Aking Ina

Mariel Castulo

Ikaw ang nagdulot ng aking pagsilang,
At sya ring bumuo ng aking katauhan,
Mula ulo hanggang paa, pati pagkilos at pagsasalita
Lahat ng ito'y sa inyo ni ama ko nakuha.

Ikaw ang nagsilbing sya'ng gumagabay,
At tumatayong tungkod na sa akin ay umaalalay,
Bawat galit at lungkot, bawat hinagpis at poot,
Lahat ng ito'y inalis mo sa aking puso at
ako'y tinuruang magpatawad at lumimot.

Ikaw ang syang nasa aking tabi,
Mula pagkabata hanggang sa'aking paglaki
Hindi moko iniwan sa kabiguan man o pagkawagi,
Ikaw ang kakampi sa oras ng pagkasawi.

Noong ako'y tumanda at nagkaroon ng sariling utak,
Ako'y nagsimulang mairita sa iyong mga pagputak
Lahat ng payo't bilin mo ay akin ng sinusuway
Na sya'ng nagiging dahilan ng ating pag aaway.

Patuloy ang pagsagot ng pabalang at sa mataas na tono,
Ugali ko na nga'y tuluyan ng nagbabago
Lahat ng kamalian at katarantaduhang ginagawa ko,
Yun ang naging dahilan ng tuluyang paglayo ng loob mo.

Ginawa ko itong tulang ito para ipatid sa iyo,
Ang lubos na pagsisisi mula sa puso ko,
Alam kong hindi na maibabalik at maitatama ang nakaraan,
Ngunit gagawin ko ang lahat para pagkakamali't pagkukulang ay mapunan.

Patawad sa mga masasakit na salitang nabitawan,
At sa mga pagtatalong nauwi sa hiyawan,
Sa mga panunumbat na sayong puso ay nagdulot ng sugat
At sa ating relasyo'y nagdulot ng lamat.

Ayoko dumating sa puntong maging huli na ang lahat
At sayo'y hindi nako makapagpasalamat
Ayokong magsisi sa bandang huli,
Na ang mga sumusunod na katagang ito'y diko na masabi.

"Aking ina, mahal kita!"
At hindi ako nagsisising ikaw ang aking naging ina,
Salamat sa pag iintindi at pag uuna,
At sa walang sawang pag mamahal at pag aalaga.

Wala nakong mahihiling pa, bagkus ay nagpapasalamat ako,
Sa poong maykapal na nagbigay sa akin ng magulang na katulad ninyo.
May isa akong bagay na sa wakas ay napagtanto ko;
Yun ay ang napakaswerte ko dahil ikaw ang naging INA ko.

Ang Sinimulan Noon, ay Tinatapos Ko na

Jessevil Bacal

Habang naglalakad ako papalayo sayo
Pilit kong pinipigilang
Pumatak ang mga luha
Luha na dulot ng sakit na nadarama

Isang taon nang una kitang makilala
Pareho tayong may ngiti sa mga mata
Mga mata na nagtugma ng ika'y makita
At dun na nagsimula, nagsimula sa simula

Araw araw tayong magkasama
Hinihiling na bawat segundo ay tumigil
Tumigil ang mundo at ating susulitin
Pagkat ikaw lamang ang gustong makapiling

Dumaan ang mga araw at mga buwan
Hindi nagbabago ang ating pagtitinginan
Hindi ako lumingon kanino man
Ngunit mahal, may mahal ka nang iba

Dumating sya ng di mo inaasahan
Dahil alam kong hindi mo sasadyain na ako'y saktan
Ika'y nabighani sa kanyang kagandahan
At ako'y pilit na nabubulag-bulagan

Bulag na kung bulag
Tanga na kung tanga
Harap harapan na kong sinasaktan
Ngunit heto ako, nagtitiis makapiling ka lamang

Isang araw pumunta ako sa inyo
Sabi ko, umalis naman tayo
Hindi mo naalalang iyon ay kaarawan ko
Kaya siguro tumanggi ka sa alok ko
Imbes na umuwi, pumunta ako sa mall
At habang kumakain ako,
Naaninag kong may isang taong kilalang-kilala ko

Sa katawan at kilos, hindi ako pwedeng magkamali
Ikaw nga ang nakita, at ako'y napaluha

Napaluha sa kadahilanang ang kamay mo ay hawak nya
Mga ngiti sa labing nakita ko nung una pa
Mga halik sa noo na dati'y sakin mo ginagawa
Mga akbay at yakap, na hindi na akin, at sa kanya na

Yumuko ako at umalis para di mo 'ko makita
Dahil ayokong ikaw ang mapahiya
Maligayang kaarawan sa akin
At maligayang pagmamahalan sa inyo

Kinagabihan nakatanggap ako ng mensahe mula sayo
Binati mo ako, at sabi ko sa sarili ko
"Sa wakas naalala mo ako"
Nagpasalamat ako at sinabi kong magkita tayo
Magkikita tayo, at pipilitin ko nang makalimot

Buong magdamag tumutulo ang luha
Pilit tinanong ang sarili kung bakit ika'y nawala
Mahal kita, ngunit bakit naghanap ka ng iba
Saan ako nagkulang, at saan ako nagkamali
Mga tanong na umiikot sa isipan
Dahil hanggang ngayon,
Hanggang ngayon mahal, mahal na mahal ko pa rin ang nag-iisang ikaw

Sumikat ang araw
Ang araw na muli nanaman akong masasaktan
Pinipilit ko ang sarili na bumangon
Bumangon sa higaan na puno ng kasawian
Bumangon para hindi na tuluyan pang masaktan
Nag-ayos ako para hindi mahalata
Ang mga matang namamaga mula sa sandamakmak na luha

Hinintay kita sa dating tagpuan
Umupo ako sa duyan, at naalala ko
Naalala ko ang mga panahong
Masaya tayong nagtatawanan, habang ako'y iyong dinuduyan

Ngunit bumalik nanaman ang lahat ng sakit

Patulo na ang luha ng ika'y dumating
Ngumiti ako, niyakap kita at sinabi kong
Mahal, namiss kita
Hindi ako kumalas sa pagkakayakap
Ang yakap na hiniling kong maramdaman nung ako'y umiiyak
Yakap na nagpapainit ng malamig na puso
Yakap na nagsanhi ng tuluyang pagguho

Pumatak ang mga luha ko kasabay ng pagpatak ng ulan
Pinili kong hindi sumilong para hindi mo makita
Hindi mo makikitang ako'y lumuluha dahil ang tubig, ay mananatiling tubig
At ang sakit, ay mananatiling masakit

Alam kong naramdaman mo na na may ibang nangyayari sa aking mga mata
Mga mata na hindi makayanang magsinungaling sa harap mo sinta
Mga matang hindi maitago ang luhang pinipilit sa sumabay sa ulan
Salamat sa ulan, ngunit kanya pa ring nakita

Sa ilalim ng ulan, nagpatuloy tayo
Hindi tayo sumilong kahit basang basa na
Basang basa na ang damit mo
At basanag basa pa rin ang mga mata ko

Tinanong mo ako kung anong problema
Sinagot kita, at hindi ka nakapagsalita
Sinabi kong alam ko na ang lahat
Ang lahat ng panlolokong nakita ng bulag kong mga mata

Tanging patak lang ng ulan ang naririnig
Binitawan kita, at pipilitin kong ika'y makalimutan na
Iniwan kitang nakatayo at nag-iisa
Ang sinimulan noon, ay tinatapos ko na

Pusong Nagusumigaw

Alyza Ann Yadao

Saan, kailan at alin ba sa mga ito ang dapat kong paniwalaan
Ang mata ko bang nakikita na ang lahat ng katotoohanan
O ang puso ko na nagsusumigaw na ng kalayaan
O ang isip ko na patuloy na nagiimahenasyon sa ating pagmamahalan

Hayaan mo akong isalaysay sa madla ang ating kwento
Na tayo ang mga panungahing bida sa gabing ito, Ikaw, Siya at Ako
Sa isang hugis triangulong uri ng pag-ibig.
Kung meron pa bang dapat na taypo sa huli
O dapat na ba kitang iwanan sa kanyang tabi

Tila kasabay ng panahon ang iyong pagbago
Nanlamig ang dating sigla at sa iba ngayon nakatungo
Sa sigaw ng damdaming pilit na pinipili ng puso
Mahal, nakalimot ka yata sa pagmamahal ko

Ni minsan hindi ko ninais na maging kontrabida
Na dati ako ang pinakamamahal mong reyna
Sa ma-ala majika na pantasya nating istorya
Ngunit asaan ka aking prinsipe, sumama sa kanya

Ito na ba ang gigising sa bulag na pag-ibig
Pangalan mo aking kaibigan ang kanyang bukambibig
Habang ngiting patago akong pumupunas sa matang may tubig
Dulot sa saya at salitang aking naririnig

Tunay nga'ng mapaglaro ang tawag ng pagmamahal
Ito ang kaisa-isang iningatan kong biyaya ng maykapal
Subalit ang oras ay hindi tumitingin sa pinagsamahang kaytagal
Bagkus ay ninakaw mo kaibigan kong hangal

Aking kaibigan ngayon ramdam mo ang pag-ibig na lubos
Sa pagmamahal niya na dati sakin binuhos
Habang aking puso'y walang pagod na nanglilimos

Upang pag-iibigan naming winasak, muling magkaayos

Mahal, ano pang pag-asa ang aking makakamtan
Kung kasama mo siya ramdam mo ang kasiyahan
At sa kabila ako'y iniwan mong nasasaktan
Kahalintulad ng langit na ngayon ay luhaan

Ngayon ako'y naghahanap ng sagot sa lahat ng pait
Sa sugat na wari di maaalis ang sakit
Na kahit anong siksik at pilit kong pagkapit
Sa "sana na pwede pa" siyang pagbitaw mo ng kaylupit
Masakit, na saan lulugar ang taong gusto pang mahalin ka
Kung ang puwang na para sakin sa puso mo'y sarado na
Ito ba mahal ang kapalit na saya nadulot nating dalawa
O ito ba mahal ang sagot mo sa lahat ng tanong kong sana

Hindi ko lubos maisip na ang pag-ibig pala ay parang isang Goma
Goma na pareho nating hawak, Pero unti-unti mong papalayong hinahatak
At sa pagbitaw mo sa dulo, Ang pangarap natin ay sabay din na gumuho
Habang ang dulot na sakit na ginagawa mo
Ay nananatiling sakit haggang sa aking puso

Saan ba ako nagkulang ng pagmamahal sayo
Kung ang lahat ng bagay ay ginawa ko para sayo
Kailan ba ako tumigil sa pagsabi sayo
Ng mahal na mahal kita at walang papantay sayo

Alin ba doon mahal ang hindi mo maintidihan
At bakit na gawa mo parin akong inawanan
At ang masakit pa, makita kitang kasama ang matalik kong kaibigan
Habang magkahawak kamay at sabay kayong ngumiti sa aking harapan

Aking kaibigan ngayon damang-dama mo ang buhay ko
Sa piling ng taong pinakamamahal kos
Na ikaw na kaibigan ko ang magiging karibal ko
Sa pagmamahal na buo na ngayon nawala ng dahil sayo

Ang psuso ko na patuloy na lumalaban ay sumuko na
Kasabay ng pagpikit ng aking mata ang pagsabi mo ng “Itigil na“
Ang pagbitaw mo saking kamay ang hudyat mo ng “Paalam na“
At dahan-dahang lumayo ka hanggang sa di na kita makita.

Baka Mamaya

Patricia Mae Arcellana

Matagal na ring nakalipas simula nung tayo pa
Mula nung masaya pa,
naririnig ko pa rin ang iyong mga tawa
Kahit puro corny ang mga patawa
Ang lambing ng pagmamahal - Kailan ba uli madarama?
Dahil simula ng lumisan ka,
Mundo ko'y nasira -mga pangarap natin, nasaan na? - Nawala ng parang bula

Pero sa kabila ng lahat,
Patuloy pa rin kitang hihintayin sinta.
Gaano katagaal? Buwan? Taon?
Kailan ba uli tayo magkakaron ng pagkakataon?
Mabalik ang sarap at tamis ng pagmamahalan tulad nuon.
Kailan ba nangyayari mulo ang nga iyon?
Wag mag-alala, hihintayin ko,
Aantayin ko, ang pagbabalik mo.
Pero paki bilisan naman oh,
Kasi baka mamaya sa pagbabalik mo
Marami nang nagbago
Baka mamaya sa pagbabalik mo
May bago na ang puso
Baka mamaya sa pagbabalik mo
Hindi ko na ikatutuwa, dahil Hindi ma ikaw ang dahilan ng mga ngiti ko,
Hindi na ikaw ang saya ko, At hindi na ikaw ang mundo ko
At baka mamaya sa pagbabaliknmo,
Naunawaan ko na, Na dati pala ako'y nagpakatanga
Nakalimutan na ang sariling saya
at baka mamaya, sa pag balik mo
At sabhin saking, "mahal, nandito na ako.."
"Bumalik muli para sayo,"

"Patawad, nahuli ka na, hindi na kita mahal, maayos na ako,"
...
"Masaya na ako."

Basang Papel

Jhanina Mhyrie Sanchez

Heto nanaman ako, kaharap ang isang papel,
isang papel na susulatan ko nanaman para sa'yo,
para sa damdamin kong hindi parin nagbabago.
Mga papel na nagsasabing ikaw parin ang aking gusto.
Ano nga ba ang gagawin ko dito? Itatapon ko ba ito?
Gaya ng pagtapon mo sa akin?
O itatago ko ito, gaya ng pagtingin ko sayo?

Heto nanaman ako,
sumusulat habang namumugto ang mga mata,
hindi na makadilat sa sobrang maga,
hindi na makapag sulat sapagkat punit punit na.
Pesteng sulat to, sumasabay tuloy ang mga luha ko.
Naiinis na ko, bakit ikaw parin ang iniiyak ko?

Kelan ba ko mapapagod?
Kelan ba ko hihinto?
Kelan ba ako titino?
Kelan ba mapupudpod?
Ang mga tasa ng lapis at pagtingin ko sayo?
Kelan ba mauubos ang mga pahina ng papel na iniiyakan ko?
Kelan ba ko tatahan, kelan ba kita tatantanan?
Kelan ba hihinto ang aking bibig kakasabi ng tayo ay walang hanggan?

Eto ako, umaasa padin sa'yo.
Umaasa pading maging tayo, pero ano?
Nasaan ka ba? Masaya ka na ba sakanya?
Siya na ba ang iniisip mo sa twina?
Habang ako eto, namumugto parin ang mga mata.
Sinusubukang tapusin ang tula.
Pinipilit patigilin amg mga luha.
Ayoko na. Tatapusin na. Oo tatapusin na..
para makapag sulat muli ng bagong tula,
na kahit alam kong hindi ako bihasa.
Kahit alam kong hindi mo na ito mababasa.
Wala na kong pake kung maubusan ng pahina.
Wala na kong pake kahit maubos ang tasa.
Baka sakaling isang araw, magbago ang lahat, at magkaroon ng pag asa.

Breath

Cornelia Dalao

Dear you, for whatever reason it may be. You have sat on these chairs to hear me speak. To hear me tell you that I love you -and I may not mean romantically, but I do know that I am telling you this because you need to hear it. I love you. If not me, then someone else loves you. Regardless of my irrelevance in your life. I am here speaking these words without second thoughts nor literary beautification because I cannot hate you. I don't. For we share the same rooted blood of Adam and Eve, beyond manmade time-zones and racism on human coloured skin! There is nothing wrong with a person who loves her brethren -and I am not ashamed nor scared to be judged.

To me you are a stranger, a friend, a teacher, a parent, a sibling, flesh and bones all tangled up to create a woman or a man.
And that makes you beautiful. It makes you loved. It makes you human. You are beautiful.
But dear you; I'm here to remind you that beauty does not reflect your self-worth; for you are worth it. You are worth being loved and being put in first place. That the whole Cinderella story is downright wrong for depictong the wrong imagery, where there are children, young, who learned right from the beginning that Cinderella was beautiful; but her stepsisters were ugly and that beauty only reflects first place! No, it does not.
But kindness, and heart, and you! You are here by some magical witch-brew of cells reproducing, by the love and grace of a man up above. By the bared screams of your mother when she gave birth, by the tears of heaven that cry when you doubt your self-worth.

Know this.
Dear you; and I have always meant you, you are here today to hear me remind you that you are worth first place. That prioritizing others before yourself has taught them that you came second. And your friends? F. R. I. E. N. D. S. That word has the same seven letters as enemies. And if, baby, if they hurt you in some way; in any means starting from physical pain to ill betrayal, then know this. That hurt, baby, hurt. H. U. R. T. hurt has the same number as heal. That beyond the blades and the blood, the pants and cries in the night, and the shaking body on the bathroom floor illuminated by moonlight!
You are but a child!

And if your voice is small then scream ‘til the top of your lungs and know that you have tried! That you gave it your all. Do not mingle failure with regret, and do not say that you can’t until you have tried.
Because in the end? When all has been said and done? Only one thing matters. Not politics, nor status, nor grades; not your wealth, nor your fame.
Dear you; in the end, all that matters is that you lived. That you did not breathe in air and walk this earth only surviving miseries. People will always love you best, when you are at your best; but the best people are the ones that have seen you at your worst -and still love you anyway.
All that matters is that you lived to love, that you lived to laugh; that you conquered life in your own little way, that you lived whole heartedly, without regrets.
All that matters is that you lived.
And that, love, is the most beautiful thing you could ever do.
LIVE.

Estranghero

John Ramirez

Naaalala mo pa ba kung paano mo hawakan ang aking kamay ng may higpit at galak.
Naaalala mo pa ba kung paano mo ako yakapin gamit ang walang kasing init ng iyong mga bisig.
Naaalala mo pa ba kung paano ka magalit sa tuwing akoy magkakasakit....
Mahal, naaalala mo pa ba? Natatandaan mo pa ba kung paano tayo nagsimula?
Kung paano mo ako kausapin. Kung paano tayo tumawa. Kung paano kita iniyakan.

Sa isang iglap, kasing bilis ng kidlat, nagbago ang lahat.
Na ang dating may laman, ngayon ay ubos na.
Na ang dating masaya, ngayon ay puro lungkot na
Na ang dating lambingan, ngayon ay tampuhan.
At ang dating tayo, na napalitan ng kayo.

Mahal Anong nangyare? Ipaliwanag mo sa akin at buong puso ako makikinig. Ipaintindi mo sakin at buong galak kong iintindihin.
Dahil kung inaakala mong dito ako bibitaw, yun din ang akala ko, Hindi pala.

Dahil gustuhin ko mang bumitaw, pero ayaw bumitaw.
Gustuhin ko mang sumuko, pero ayaw sumuko.
Gustuhin ko mang lumayo, pero ayaw lumayo.
Gustuhin ko mang makalimot, pero ayaw makalimot.

Sana ganun din ang nararamdaman mo sakin.
Kakapit ako mahal, kahit sa totoo lang ako nalang ang kumakapit.

Pero kahit ganun ang nangyare, hayaan mo sana akong habulin ka.
Hahabulin kita kahit nagmumukha na akong tanga.
Hahabulin kita kahit alam kong ayaw mo na.
Hahabulin kita kahit may iba ka na.
Hahabulin kita hanggat sa magsawa ka.

Pero hayaan mo mahal. Sa huling paghahabol ko sayo, at ikaw na mismo ang sumuko. Sige na, malaya ka na. Papalayain na kita. Pinapalaya na kita.Pero sana, hayaan mo akong humiling sa huling pagkakataon.
Tignan mo ko na para bang ako parin ang mahal mo.
Yakapin mo ako at iparamdam mo sakin ang init sa bisig mo.
Halikan mo ako na animoy tayo lang ang tao sa mundo.
Sabihin mong “mahal mo ako“ kahit na ang totooy iba na ang mahal mo.

Eto na mahal. Paalam na mahal. Paalam na sa huling pagkakataon na magkasama tayo.
Paalam na sa huling hawak mo sa kamay ko.
Paalam na sa huling yakap na pinaramdam mo.
Paalam na sa huling halik na ginawad mo.
At Paalam na sa huling “Mahal kita” na sinabit mo.

Hindi ko na papahabain pa to, pero hayaan mo akong umiyak sa harap mo.
Hayaan mo akong umiyak sa huling pagkakataon na magkasama tayo.

Salamat. Salamat mahal sa masasayang ala-ala na binigay mo sakin. Salamat.

Eto na rin siguro ang huli na iiyakan kita.
Eto na rin siguro ang huling pagkakataon na makikita mo akong umiiyak.
Dahil sa muli nateng pagtatagpo. Ngiti at tawa na ang igagawad sayo. Ngingiti ako dahil alam kong masaya ka na. Tatawa ako at tatawanan ang mga araw na naging tanga ako nung kasama kita.

At Sa muli nateng pagkikita. Isa ka nalang estranghero sa patapos kong storya.

Hindi Sigurado

Ayneilleene Zarah Ciocon

Ako si hindi sigurado
Hindi sigurado sa gusto kong gawin
Hindi sigurado sa bagay na nais ko
Hindi sigurado sa mga taong nakapaligid sakin? Kayo?
Kung totoo nga ba kayo o hindi
Hindi sigurado kung ginusto ko nga ba sya
O sadyang nagpadala lang ako sa mabilis na pangyayare?

Tila wari niyo ay napakahirap ko naming pakisamahan,
Dahil hindi kayo nagkakamali
Hindi rin ako sigurado sa sarili ko
Hindi sigurado sa pagkatao ko
Sa tunay na ako
Kung alin nga ba sa mga maskarang ito?
Makikita ang tunay na ako
Ang "Siguradong Ako"

Hindi sigurado sa mga bagay- bagay
Pero may gusto ako
Hindi ko lamang sigurado
Marahil ay ikinakahon akong pilit sa saling opinion na sa tingin nila ay tama
Mga paniniwala na pinagpasa-pasa lamang at dumami ng dumami ang mga naniniwala
Ganito ba sa atin?
Kapag iilan lang ang naniniwala
Sila ay di napakikinggan?
Di binibigyang pansin?

Hindi sigurado, Di-tiyak, Di-mawari
Ang isip ko'y punong-puno ng pagtataka
Tungkol sa mga bagay bagay
Walang kasiguraduhan
Sa lahat ng bagay

Magulong utak
Magulong kasama
Magulong kausap at
Magulong pag-iisip
Ganyan na ang tingin niyo sa akin?
Ayan nga ba ang siguradong ako?
Mas kilala niyo nga ba ako kaysa sa sarili ko?

Ginugol ko ang kabataan ko
Sa pag hahanda para sa kinabukasan ko
Dahil iyon daw ang kailangan ko
Ngunit hindi nila alam
Ang higit na kailangan ko ay ang oras nila
Oras na, sa akin ang atensyon
Tenga na, handing makinig sa kwento ko
Mga mata na, kaya akong tignan ng buo
Kahit na hindi ako kumpleto

Yung makakita ako ng taong sigurado,
Sa akin ay maging possible pa kaya?
Kahit na ako mismo sa sarili ko
Hindi ko kilala
Hindi sigurado sa pagkatao ko
Mahanap ko pa kaya siya?
Isang taong sigurado na sasagot sa lahat ng tanong ko?
Isang taong siguradong sasamahan ako kahit saan?
Mapunan ko lang ang kakulangan ko?
Marahil ay nasa paligid ko lang siya

Hindi ko man pinapansin
Marahil ay ikaw na iyong kukumpleto sakin
Ang sagot sa lahat ng pagtataka ko
Maging sigurado na kaya ako?
Iisa lang ang maari kong iwan
Sa inyo na sigurado ako

Kapag ikaw ang kasama ko,
Nakikita nila ang tunay na ako.
Ang Siguradong ako.

Ititigil ko na

Jona Mae Regudo

Ititigil ko na ang pagsasabi ng “Mahal pa rin kita”
Ititigil ko na ang paghahabol dahil hingal na hingal na,
Ititigil ko na dahil maling mali na,
Ititigil ko na dahil ang dami ng luhang naaksaya,
Ititigil ko na ang pagiging tanga,
Ikukumpara na lang kita,
Sa bente singkong barya,
Na kapag nakita sa daanan,
Hindi na papansinin pa,
Dahil nga sa hindi na makita ang yong halaga,
Ititigil ko na at pipilitin ng maging handa,
alam ko naman na sa susunod mong libro,
Ibang pangalan na ang nakalagda,
Ititigil ko na ang pag-alala sa istorya,
na sinimulan nating magkasama,
Isasarado ko na ang libro nating dalawa,
Kahit marami pang pahina ang paulit ulit ko pa ring binabasa,
Buburahin ko lahat ng matatamis na salitang nakasulat,
Ititigil ko na upang maghilom na ang sugat,
Ititigil ko na upang ang bigat na nadarama’y,
Makayanan ng mabuhat,
Ititigil ko na ang paniniwalang wala kang katulad,
Hahanapin na ang lagusan sa masukal,
at puro patibong mong gubat,
Ititigil ko na at tatanggapin na lang,
Na bumitaw ka na at nakakapit na sa iba,
Ititigil ko na dahil tanggap na rin naman,
Ang kabiguang sinapit,
Ititigil ko na rin ang pagtatanong,
Kung paano nagkaganto at bakit,
Lahat ng sakit na naramdaman,
Napalitan na ng galit,
HINIHINTAY KO NA LANG,
NA IBALIK SAYO NG LANGIT,
LAHAT NG PINARANAS MONG PASAKIT.

May Tayo pa ba?

Pauline Andrea Libunao

Para sa mga taong naguguluhan
Naghahanap ng kahulugan
At patuloy na nasasaktan
Sinasaktan – ang sarili
Sa isang tanong na di mawari -

MAY TAYO PA BA?

May tayo pa ba?
O ako lang tong tangang umaasa
May tayo pa ba?
Kung hindi mo pa kayang sabihin sa akin – yang nararamdaman mo
May tayo pa ba?
Bakit hindi tanggapin itong puso ko,
Itong sariling kong buong buo ko nang ibinibigay sayo?

Magsisimula akong muli sa umpisa
Sa umpisa, kung paano tayo nagkakilala
Di alintana kung ika'y aking pinagdududahan
Kasi ako'y nagugulumihanan
Kasi madaling matulog mahirap bumangon
Kasi madaling mahulog mahirap mag-move on
Tignan mo ko ngayon
Hindi ko alam ang sagot nanaaayon sa kung -
May tayo pa ba?

Magsisimula ako muli don sa umpisa
Sa simula ng ating relasyon – masaya
Sa umpisa kung pano mo ko ipinaglaban
Sa umpisa na sa tuwing hindi tayo magkakaintindihan
Ay ikaw ang unang aamo
Susuyo sakin at magsususmamo
Na please lang magbati na tayo.

Sa umpisa, tuwing tatawagan kita
Kahit hating gabi na – pupunta ka pa
Tapos tuwing ihahatid mo ako
Sabay hahalikan sa noo
At sasabihing mahalaga ako
Doon, tuwing sinasabi mo na;
Kapag tititig ka sa aking mga mata
Ay mapapasabi ka talaga ng totoo
Pero alam mo
Feeling ko minsan binobola mo nalang ako;
Kasi kung nagsasabi ka ng totoo
Bakit hiniwalayan mo ako?
Dahil sa babae mo – na hindi lang isa kundi dalawa.

Pero kahit na nagkaganon
Inaamin ko ngayon
Hinding hindi ko maikakaila
Na ang tama ko sayo kay malala
Dahil ikaw, ikaw at ikaw pa rin ang hahanap hanapin kong kausap sa madaling araw
Kahit sumikat pa yung araw

Magsisimula akong muli sa umpisa
Ay hindi, ayoko na, ayoko na sa umpisa
Sa umpisa mo lang ako gusto
Sa umpisa mo lang ako ihahatid sundo
Sa umpisa mo lang ako pagbibigyan
Sa umpisa mo lang ako pahahalagahan
Sa umpisa mo lang ako hindi pababayaan
Ayoko na sa umpisa
Sa umpisa mo lang ako mahal
Ayoko na sa umpisa
Ayokong sa umpisa lang
Gusto ko hanggang dulo, merong 'tayo'.

Hanggang dulo sana ganito
Iinisip yung nabuong career goals natin
Kase tayo'y nagnanais na abutin

Yung mga bituin
Na lumalabas lang tuwing gabi, pero okay lang – willing to wait, willing parating maghintay
Sanay naman na tayong maghintay diba?

Hinihintay na malinawan
Hinihintay ang susi sa kapayapaan
Ng puso kong nahihirapan
Oo, nahihirapan na yung isip kong
Isip ng isip ng kung ano ano
Hindi ako mapakali sayo
Hinihintay ka,
Kaunting stress lang, hinihintay kita
Na makipagkita sa akin
Kalian mo ba balak aminin
Na hindi ako assuming?
Na sa tuwing mamimiss kita
Nahihiya ka mang sabihin
Pero ramdam ko
Na hinahanap mo rin ako.

Dalawang taon nang lumipas
Pero sa wakas,
Inamin mo na yang naipon mong emosyon
At medyo nagkaroon na tayo ng solusyon
Sa suntok sa hangin nating relasyon
Sa wakas, ito ang alam ko ngayon
Na sa tinagal tagal ng panahon
Hanggang ngayon bumabalik tayo sa isa't isa
Dahil kailangan mo ko at kailangan kita.

Pero naiipit ako sa dalawa – sa mahal kita pero pagod na akong umasa
Pagod na akong umintindi
Sa silensyo mong nakakabingi
Pagod na akong umunawa
Sa sariling kong hindi na nadala -

Kasi minsan kahit sabihin kong suko na
Kapag naalala ko kung pano mo ko pinasaya
Handa na ko ulit magpasensya
Pagod na akong maghintay na tumugma
Yang kilos mo sa yong salita.
Ito ang alam ko ngayon
O mas tamang ito ang napatunayan ko ngayon
Kahit ilang beses mo pang ulitin ulitin
Yung sinabi mo kahapon
Iba na itong ngayon sa noon.

Noon, handa akong isugal ang lahat talaga
Ngayon, pagod na akong magpakatanga
kung – 'May tayo pa ba?'

Museo ng mga Taong Hindi Pinipili

MJ Gallamoza

Laging ang hirap ng pagsisimula
Nag-iiba ang nagsasalita
pero nagpapatuloy lamang ang kwento..
Ako..
PAG-ALAY
Mahal, halika.
Mamahalin ko ang mga bagay na para sa kanila ay hindi katanggap-tanggap.
Tatanggapin ang bawat bahagi ng hindi mo pagiging perpekto
Yayakapin ang mga multo pati na rin ang mga demonyong kasama nito
Tanggapin mo na ang aking pag-yakap
Halika, hayaan mo na sila.
...
Minsan may nakapagsabi sa akin na may mga taong minamahal ngunit hindi pinip-ili. Sabi niya na ikubli ko man sa mga pasimple kong biro at pasarkastiko kong mga kumento ay alam kong kabilang ako sa kanila
Isa ako sa mga taong minamahal lang ngunit hindi sapat para piliin.

Bagama't ang mga ngiti ko raw ay mapang-akit,hindi nito magagawa ang maka-pag-panatili. Kahit ang mga kamay ko raw ay bihasa na sa pagkalas ng mga kadena ay hindi nito magagawa ang makapagpa-bitaw ng mga bagahe ng nakaraan.
Oo na. Hindi na ako ang tipo ng taong pinipili.
Dahil kahit mga kamay ko ang nagtanggal niyang kamay mo sa pagkakatali ay magagawa rin ng mga ito na ikaw ay pakawalan. Dahil ang mga kamay ko ay hindi para hawakan
Sabi niya, ako ay mapanira.

Ang mga kagaya ko ay hindi raw para piliin
Dahil hindi napipili ang mga misteryo, at isa akong misteryo
Ako ang tipo na mababasa lamang sa mga libro
Na ako ang tipo na hindi basta-bastang ipinagkakaloob ng uniberso
Na ako ang takbuhan ng mga taong hindi pa buo
Na ako ang hakbang lamang para makumpleto
Ako, na madalas na mababasa niyo lamang sa mga libro bilang iyong taong marunong lang magmahal pero hindi magaling.

Alam ko hindi ako bihasa sa larangan ng pag-ibig. Hihingin ko ang mga bagay na kinatatakutan mo. Magpapakuwento ako ng mga karanasan simula pagkabata mo. Hihingiin ko lahat. Isama mo na rin ang mga bagay na matagal mong itinago sa iba, mga sikretong ang mga unan mo lamang ang nakaka-alam.
Hindi ako bihasa sa larangan ng pag-ibig. Hihingiin ko lahat, ang sakit, ang pait at ang saya. Hihingiin ko lahat pati na ang mga bagay na sa tigin nilang lahat ay sobra. Dahil hindi ako bihasa, ganito ako umibig. Mamahalin ang lahat dahil hindi ko alam na dapat ipagsawalang bahala dahil para sa akin lahat ay mahalaga. Bawat detalye ay mamahalin ko ngunit mahal, para sa iyo ito ay kalabisan.
Hindi pala talaga ako para piliin.
Dahil takot ang mga taong magmahal at pumili ng mga taong madaming misteryo. Duwag sila sa maaaring mga tanong. Duwag sila sa mga taong humihingi ng lahat. Madaling piliin ang mga taong walang hinihingi at hindi na mahihirapan.
Isa ka sa kanila.

Mahirap piliin ang mga kagaya kong sanay mag-isa at hindi nangangailangan ng pagsagip. Mahirap piliin ang mga taong hindi bihasa magmahal. Mahirap kami piliin.
Mahal,
Dadating ang araw na muling maglalapat ang mga mata,
Ibibigay ni tadhana ang oras na muli masilayan ka,
Ipagpapaliban ko na ang dati,
Ngingiti ako at magpapanggap na buo ako ulit kunwari,
Dahil may saysay lang naman ang nararamdaman kapag sumasakit pa hindi ba?
At sa wakas, hindi na ito sasakit.
Magtatayo ako ng museo para sa mga taong hindi pinipili gamit ang mga kadenang aming kinalas sa pagkakatali,
Gagawing haligi ang mga katagang “Mahal kita pero..I need space”. Gagawing sahig ang mga bawat“ Patawad na, it’s not you it’s me”
Hayop
Magtatayo ako ng museo para sa mga taong hindi pinipili
Sa amin na sa tingin niyo ay sobra
Lahat ng kaya naming ibigay, ay lahat din ng hindi niyo kayang tanggapin.

Ngiti

John Esportuno

Sa isang panahon na tayo'y malumbay
Isang pag kakataon na hindi nag kataon
Sinulat sa papel pininta ng mukha
Mga emosyon na ating nadarama

Simuy ng hangin sa siyudad na madumi
Alikabok sa ulap naipon unti-unti
Bumagsak na ulan na 'sing bigat ng dahon
Damdaming inipon 'sing dami n laggam na nag tipon

Kasing lakas ng hangin ng bagyo and dinala ng tadhana
Apoy ng damdamin pinalakas ng bigla
Napapatulala nung ika'y nakita
Totoo nga ang oras humihinto bigla bigla

Ikaw ang nag papasaya sa buhay na malumbay
Isang patay pinuno mo ng kulay
Librong aking sinulat ikaw ay nag ambag
Bigla itong napuno ng buhay

Hindi mo alam kung bakit napapasaya
Sa simpleng bagay na makita kang masaya
Uuwi ako na may ngiti sa mukha

Simpleng Taga-hanga mo

JohnBert Napili

SImpleng tao lang naman ako noon
Walang pakialam sa paglipas ng panahon".

Ngunit nagiba na ata ngayon
Simula ng masilayan ka kahapon
Akoy nabigla at natulala
Nung masilayan ang maamo mong mukha .

Akoy nabighani at napahanga
Sa taglay mong gandang mala diwata
Tilay nagiba na ata ang takbo ng mundo ko.

di ko maintindihan kong ano na ba ito?
Dahil Ikaw na lagi ang hinahanap hanap ko.

Tenga ko ay pumapalakpak sa twing naririning yung tawa mong humahalakhak
Dibdib kong pumapagakpak sa pagalpit mo ako ay nahahatak.

Sana ikaw na nga
sana ikaw na nga Yung hiniling ko sa may kapal na nakalagay sa banga .

At Sana hindi panaginip to
Na pagGising ko sa umaga wala kana sa buhay ko.

Pagkat irog ko parte kana ng mundo ko
Ikaw na yung rason sa pagtawa ko ngayon .

Ikaw na yung rason sa kong ano man ako ngayon ! ikaw na !

ikaw yung sangkap sa bawat ngiti ng aking labi

Ikaw ang dahilan nang pamumula ng aking pisngi

Ikaw ang nagbibigay kinang sa aking mga mata

Ikaw ay isang simpleng ikaw pero bat ganto kana kahalaga?

Ikaw na di ko maintindihan kong bakit ikaw ?

Ikaw ba ang sagot sa aking mga dasal o isa kang ikaw para wasakin ang puso ko?

Sana hindi ikaw pagkat ikaw ay minamahal ko na,ikaw na yung dahilan kong bakit ako masaya,masigla at napapaluha sa tuwa kapag andyan kana

Damdamin koy pinipigil ko na sa pagkat
Ikaw yung tipong ikaw na di ko makakaya kapag akoy masaktan muna .

Natatakot ako ,natatakot ako hindi sayo ,natatakot ako sa ikaw na baka di ko kayanin na ikaw yung bumubuo ng araw ko pero ikaw din naman pala ang gugulo ng mundo ko

Eto na ! Pusot isipan koy gulong gulo na
Tilay nagtatalastasan kong ano na ba talaga?

Akoy gulong gulo na puso ko ay sasabog na sa lakas ng kaba,isip koy napapagod na sa kakatakbo mo ,tuloy hinahabol kita

Napapagud na ako!gusto ko nang tapusin to at nang makapagpahinga na ako.

Tatapusin ko na !damdamin koy tatalikuran ko na wawasakin,buburahin at ng makalimutan kana.

Ngunit di ko kaya ,sa pagkat ,hindi mabubuo ang araw at gabi ko kapag nawala ka sa buhay ko pagkat irog ko mahal kita

Tuldok

Mary Joy Manucan

Tapos na.
'Yan ang kahulugan ng isang tuldok,
Kapag tapos na ang pangungusap makikita mo ang tuldok pagkatapos ng huling salita.
Hudyat din ito ng mahabang pahinga, Sabi ng guro ko sa Pilipino noong elementarya.

Noong nasa elementarya ako, meron akong kaklase na pinagbasa ng guro ko sa harapan,
Tuloy tuloy siyang nag babasa, panay agos ang luha dahil sa hiya.
Pinagalitan siya ng guro ko,
Dahil hindi siya humihinto sa bawat tuldok ng kwento.

At ngayon, naiintindihan ko na,
Na hindi tuldok ang hudyat ng wakas,
Hindi ito mahabang pahinga,
Dahil kahit tapos na, minsan nalilimutan nating huminto.

Dahil hindi parating pag tatapos ang kahulugan ng isang tuldok.
Minsan ito rin ang hudyat ng bawat umpisa,
Na may kasunod pa pala.
Hudyat ng maraming tanong kung bakit nag tapos na.

Dahil hanggat marami pa ang tanong sa isipan mo hindi ka hihinto,
Ipagpapatuloy mo parin ang kwento,
Kahit alam mong matagal na noong nag tapos ito.

Nakikita ko na ang sarili ko sa batang 'yon.
Panay agos ang luha,
Dahil kahit natuldukan na ang kwento, binabasa ko parin ito.
Binabasa ko parin ang kwento ng "TAYO" ,
Binabasa ko parin ang kwento nating dalawa,
Na para bang 'di ko nakita ang tuldok mong ginawa.

Umulit Tayo ng Paulit-ulit

ni Princess Caparosso

Susulat ako para sayo
Sa pinaka payak na paraan para maintindihan mo.
MAHAL KITA..

Kahit na paulit ulit mo akong sinaktan,
Pipiliin pa rin kitang Ipaglaban.
Sa ilang beses mo akong binitawan,
Mas pinili kitang maintindihan.

Kahit na,
Harap-harapan.
Kung paano mo ako ginawang saktan,
Pinili ko pa ding mag bulag-bulagan

Sa mga salitang iyong binitawan,
Gustohin ko mang magbingi-bingihan,
Pinaniwalaan pa rin kita
Kahit na alam kong ang lahat ng iyon ay pawang kasinungalingan lamang

Iniwan mo akong sugatan,
Sa gitna ng labang sabi mo'y
Sabay nating lulutasan
Ngunit ako ngayo'y luhaan,
At ika'y di mahagilap kung saan

Nang makita kita, Ikaw ay may kasama nang iba,
Tinanong kita, "Mahal, siya na ba?"
Pero sabi mo sakin, Ako lang Mahal mo at
Wala nang iba
Kaya heto..
Naniwala naman si Tanga!

Sa gitna ng laban na ako lang magisa
Walang sandata, walang kasama
Pinili ko paring kumapit kesa Iwan ka

Mahal di ba't Paulit ulit kong tinatanong sa'yo kung mahal mo ako,
Sagot mo'y laging Oo
Paulit ulit kong tinatanong sayo,
Kaya mo ba kong ipaglaban
Sagot mo'y Siguro

Ngayon ako'y Napapaisip. Kumakapa kung san ba nagkamali.
Naguguluhan. Nasasaktan, sa kung anong nangyari.
Lumuluha. Sinasambit, na sana'y ikaw ay manatili.3
Walang kulang, ngunit di sapat, Ginawa lang ang akala ko'y dapat.
Ngunit ganun pa rin.... Hindi pa rin naglapat.

Dahil mali ako.
Napakadaling malunod sa akalang ang iyo
Ay mananatiling iyo
At Kung bibilangin mo ang mga tala sa madilim na kalangitan,
Mahal, 'yan ang bilang ng mga pagkakataong ako'y iyong sinaktan.

Nanlalamig yung dating nagbabaga
Kung maibabalik lang sana
Payag akong sayangin ang lahat ng oras ko sayo,
Kahit hindi natin namamalayan
Kung gano katagal o gano ka haba,
Wala akong pake,
Basta ikaw ang gagamit nito

Alam mo kasalanan lahat 'to ng Kapalaran.
Ng tadhana, at ng swerte
Dahil kung hindi nila tayo pinagtagpo,
Wala sanang ganitong sakit sa puso

Ngunit kung ang pagmamahal ay pagpapaka-tanga,
Mas pipiliin kong matawag na Tanga, makasama lang kita.

Pero
Pipiliin pa din kita, sa abot ng aking makakaya
Pipiliin kita, kahit ano pang sabihin ng iba
Pipiliin kita, kahit magalit pa sila
Pipiliin kita, at paulit ulit kong pipiliin ka
sa kahit anong bersyon ng riyalidad pa

Kaya kahit nakapiring aking mga mata,
Iyong pakatatandaan;
MAHAL NA MAHAL KITA.
Tama man o Mali,
Mahal mo man ako o Hindi

Kahit masakit..
Kahit paulit ulit..
Mahal, Ikaw pa rin.. ang pipiliin kong Mahalin

Kailan pa kaya?

Zorobabel Laureles

Anak,
hugasan mo muna ang iyong mga kamay
bago ka dumulog sa hapag kainan.
Sabuning mabuti at saka banlawan
para ang mikrobyo'y malason, mamatay.

Anak,
tumawag ka muna sa Poong Maykapal
at pasalamatan dalawang pandesal.
Idalangin mo rin na sa tanghalia'y
magkaroon tayo kahit konting sabaw.

Anak,
sa iyong pagsubo'y magdahan-dahan lang
at baka sakaling ika'y mabulunan.
Unti-untiin mo't ng 'yong malasahan
at hindi mabigla ang hungkag mong tiyan.

Anak,
magdasal kang muli at pasalamatan
ang munting biyayang ating inalmusal.
Muli mong hugasan and dal'wa mong kamay
para manga-alis mugmog ng pandesal.

Anak,
'wag mong isisigaw na ikaw pa'y gutom
basta't isipin mong ikaw, ako'y busog.
Kapag dumating na ang takdang panahon
ulam natin lagi'y masarap may litson.

Kailan pa kaya?

Pagdungaw

Eunice Mallari

Gustong gusto kong tumitingin sa mata mo.
Parang nakatingin ako sa magandang tanawin sa tuktok ng bundok.
Merong kwentong palaging babalik-balikan.

Naalala ko tuloy ang palaging sinabi ko sayo,
"Alam mo ba na sa mata nakikita ang tunay na nararamdaman ng isang tao?
At naniniwala akong konektado ito sa puso at kaluluwa ng isang tao.
Sa totoong nararamdaman ng isang tao."
Syempre, 'pag nagsisimula na ako ng ganitong usapan, iiwas ka at tatawa.
Ayaw mo ng mga seryosohang usapan na may kasamang feelings.

Gustong gusto ko ang mata mo.
Ang amo amo at nangungusap.
Gusto ko isulat ang mga bawat ugat na nakahugit sa mata mo.
Dudungaw ako sa mga mata mo.
Aabangan ang pagbubukas.
Bitbitin ang mga bagahe.
Kahit gaano kapangit ang tanawin ng masamang alaala, sasamahan kita.
Ilalabas ko ang mabibigat ng hingang matagal tagal na rin naipon at tinatago.
Hahayahan na anurin ng luha.

At sana ang mga luha ay mapalinaw ang mga mata mo.
At maalis na rin ang sore eyes sa puso mo.
Matagal tagal ko na rin hindi nakikita ang mga ngiti ng mata mo.
Gustong gusto ko ibalik.

Kasabay sa pagtigil mong magsulat, hindi ka na rin nagmahal.
Hindi mo ba alam na napakaganda mong magsulat?
Ikaw ang nagturo sa akin na hindi lang pag-ibig ang katula-tula.
Maari rin i-tula ang pagmamahal sa bayan.
Naniniwala tayo na sinasagip ng pagsusulat ang puso at kaluluwa ng bayan.
Pero ito ako ngayon, nagsusulat tungkol sa pagmamahal.
Umaasa ako na magmamahal ka ulit at ako ang una mong isusulat.

Ang Paghahanap

Zorobabel Laureles

Mahabang panahon di ko alintana
Alamin kung saan ako ay nagmula
Sino bang nagbalak at ako'y nalikha?
Ano ba ang plano na ipagagawa?

Puro kasiyahan pisikal na nasa
Ang namamayani sa isip ko't gawa
Hangaring angkinin ang lahat sa lupa
Agawin ang yaman ng ibang nilikha.

Anupa't sa tagal panahong nagdaan
Lahat ng ginusto ay aking nakamtan
Tunay akong ito'y nagbuhay mayaman
Malakas, masigla, makapangyarihan.

Datap'wat nagising sa pagkakahimlay
Aking napagtantong tila mayro'n kulang
May hinahanap pa na wala sa buhay
Ano nga ba ito di pa nalalaman?

Hindi pala sapat materyal na bagay
Para madama mo ang ligayang tunay
Kailangan ito'y mayroong katambal
Yaon ang hanap ko siyang kailangan.

Tanong sa sarili sa'n magsisimula?
Kaya bang batahin pasakit at dusa?
Matatanggap ko bang yaman ay mawala?
At ibigay 'yon sa dukha't maralita.

Ang paghahanap ko'y nabigyan ng puwang
Nang ako'y mapadpad sa isang simbahan
Ako ay lumuhod kasabay ang dasal
Humingi ng tawad sa Poong Maykapal.

Kaibang ginhawa aking naramdaman
Sa buong buhay ko di pa naranasan
Ang makapiling S'ya na panandalian
At maipagtapat aking pagkukulang.

Ngayong natagpuan landas tatahakin
Naging gawi ko na ang pananalangin
Ang Banal na Aklat ay tinuklas na rin
Sa pag-uugali'y naging mahabagin.

Sabi ng Biblia mahalin mo Siya
Tulad ng pag-ibig sa iyong kapuwa
Sa Kanya'y maglingkod sa tuwi-tuwina
At ipakita mong karapatdapat ka.

Kapag nagkagayon masasabi ko na
Aking paghahanap pinagbigyan Niya
Ang kailangan lang ipagpatuloy pa
Ang pagpupunyaging paglikuran Siya.

fin.